**SPEECH BY**

**PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.**

**DURING THE DISTRIBUTION OF VARIOUS GOVERNMENT ASSISTANCE IN ORIENTAL MINDORO**

[Delivered in Pola, Oriental Mindoro| 15 April 2023]

Maraming salamat sa ating Mayor ng Pola, Mayor Cruz. *[Upo na o, tama para makakita 'yung sa… Ayaw ng tumayo niyan eh. Tanghali na, gusto ng kumain niyan eh.]*

Maraming salamat sa inyong pagpakilala at magandang tanghali po sa inyong lahat.

At kami'y nandito para inspeksyunin ang tuloy-tuloy na aming ginagawa para pagandahin ulit ang laot para makapangisda ulit ang tiga-Pola, ang tiga-karatig na bayan na dito sa Mindoro, Oriental Mindoro, at tayo naman ay makakita ng mga pagbabago, hindi lamang para doon sa oil spill.

At maganda naman po ang naging resulta so far, dahil lahat po ng ahensya ng gobyerno mula noong tumama 'yung oil spill, mula noong lumubog 'yung barko, ay lahat na naka-alert na lahat.

At nakausap ko ang inyong governor, ni Governor Bonz. At kami'y nakapag-usap kaagad, at inistruksiyonan ko ang ating mga secretary upang gawin lahat kasi madalian, lalo na 'yung palapit na 'yung --- palapit na 'yung oil spill dito sa shoreline.

Kaya't sa ngayon naman, mabuti naman marami tayong kaibigan tinulungan tayo, galing sa Japan galing sa America. Tinulungan tayo para --- kung papaano ang pinakamagandang gagawin para mabawasan ang epekto nung oil spill.

Ngunit ay napakalaki, ang dami-daming lumabas talaga na langis. Hindi talaga natin maiwasan na mayroon magla-landing, mayroong papasok sa lupa kaya't ginawan na lang namin ay tiniyak namin na mayroong maglilinis, mayroong --- 'yung mga boom na tinatawag na hinihila nung tugboat para ilayo ang oil spill.

At siguro masasabi ko naman sa kasalukuyan ay naging matibay na ang ating response dito sa oil spill. At marami na tayong nagawa at kahit na

‘yung mga tumutulong sa atin na ating mga kaibigan, mga Japanese, mga expert ito.

At sila’y walang ginawa kung hindi mag-ayos ng oil spill. Sabi naman, tinulungan tayo at sabi naman nila lahat ng kailangan gawin ay ginagawa naman natin dito sa Pilipinas.

Ngunit, kahit anong gawin natin ay mayroon din kahit papaano, mayroon ding epekto na dadating sa ating mga mangingisda sa lahat ng mga maliliit na negosyo na ating nakikita, na siyempre naghihirap ngayon at walang hanapbuhay, walang produkto, walang magamit.

Kaya’t ‘yun ang pinagmitingan po namin. Pinagmitingan po namin. Kanina, nagpa-briefing ako sa ating mga iba’t ibang departamento.

Ipapakilala ko sa inyo lahat ng ating mga Cabinet secretary na involved dito. Hindi lang sila, kung hindi ‘yung mga iba. Pero sila ang sumama sa akin dito ngayong araw para tiyakin na --- halimbawa, hindi lamang na maging safe ulit, maging ligtas ulit ang dagat na makikita natin na kaya --- na puwede na mangisda.

Ngunit, siguro baka matagalan pa. Kaya’t ang aming ginagawa ay sabi natin ay kailangan may hanapbuhay ang tao. Kaya’t nagpaplano kami, ‘yung mga livelihood na puwedeng dalhin at puwedeng buhayin.

Pero ang sabi ko nga sa kanila, ang livelihood program ay huwag para lang sa oil spill. Kahit na mawala na ‘yung oil spill, sana patuloy naman ‘yung livelihood program para ang mga residente ay mayroon namang option, mayroon namang pagkakataon na makasubok naman ng ibang hanapbuhay para makadagdag sa kinikita.

Andito po, kasama natin, ito si Secretary Rex Gatchalian ng DSWD *[applause];* Secretary Fred Pascual ng Department of Trade and Industry *[applause].* Sila po ang tumutulong. Alam niyo naman ang DSWD ang nagbibigay ng tulong at ang DTI ay tinutulungan ang mga maliliit na negosyo upang maging mas maganda ang kanilang nagiging negosyo.

Andito rin po ang Secretary ng DOLE, Secretary Benny Laguesma. *[applause]* Siya po ay nag --- mayroon kaming pinaplano --- nandiyan na, nasimulan na ‘yung TESDA at tinuturuan ng mga bagong puwedeng gawin habang hindi pa puwedeng mangisda ay DOLE --- ang TESDA under DOLE nagbibigay ng training para ito ay hindi naman mapatid ‘yung kinikita ng ating mga kababayan.

Andiyan din po ang ating Special Assistant to the President, Secretary Anton Lagdameo. *[applause]*

At we are in close coordination naman sa local governments. Hindi lamang kay Gov. Bonz, hindi lang kay Mayor Cruz kung hindi sa lahat ng mga ibang mayor, lahat sa mga bayan na tinamaan nitong oil spill.

Kaya't asahan po ninyo, hindi namin kayo iiwanan. Asahan ninyo na hangga't matapos ito *[applause]* ay nandito ang national government para tulungan kayo, para maibalik kayo sa dati ninyong gawi.

At baka sakali mayroon tayong mailalagay. Kasi may mga lumalabas na problema na hindi naman talaga sa oil spill, kagaya ng water supply, kagaya ng mga livelihood.

Lahat 'yan ay… Sabi ko, nandito na tayo, 'di gawin na natin habang may --- take advantage na tayo kasi may dadating naman na tulong. 'Yun na, gamitin na natin lahat para maitayo na natin lahat ng mga ninanais niyong, kailangan itayo kagaya ng water supply system, kagaya ng mga ibang livelihood project.

Kaya po ay asahan po ninyo na ang national government, nandito po kaming lahat upang alalayan ang sitwasyon ninyo dito at asahan ninyo na hindi titigil 'yan hanggang kayo'y nakabangon na.

Maraming salamat. Magandang tanghali po sa inyo. *[applause]*

**--- END ---**

ReplyForward